OFFICE OF ARTS & CULTURE
CITY OF SEATTLE

# Mga patnubay ng Artists at the Center 2023-2024

## ***Talaan ng mga Nilalaman (I-click ang isang opsyon sa ibaba upang magpunta sa seksyong iyon):***


1. **Pangkalahatang Impormasyon ng Grant**
    a. **Layunin ng Grant**
    b. **Pagiging Karapat-dapat/Mga Kinakailangan**
    c. **Pagpopondo**
    d. **Pamantayan sa Pagtatasa**
    e. **Timeline**
2. **Balangkas at mga Bahagi ng Aplikasyon**


## ***Pangkalahatang Impormasyon ng Grant***

Ang Artists at the Center ay isang multi-year collaboration sa pagitan ng Seattle Office of Arts & Culture at Seattle Center, na may suporta mula saUptown Arts & Culture Coalition at mga komunidad sa paligid ng Seattle Center campus. Ang proyektong ito ay naging posible sa pamamagitan ng isang 10-taong community benefit grant mula sa Climate Pledge Arena at Seattle Kraken, simula noong 2021.

Pinopondohan ng Artists at the Centerang mga indibidwal na artist, grupo, at organisasyon upang bumuo at magpakita ng mga pop-up performance sa buong taon sa Seattle Center. Maaaring kabilang sa mga artistic genre ang musika, sayaw, teatro, demonstrasyon, at multi-disciplinary work. Ang mga pagtatanghal ay isiskedyul sa pagitan ng Oktubre 2023 at Setyembre 2024. Ang mga napiling kalahok ay makakatanggap ng alinman sa $2,000, $4,000, o $6,000 na pagpopondo batay sa laki ng artist/grupo at pagiging kumplikado ng saklaw. Ang mga awardee mula sa kasalukuyang season (2022-2023) ay hindi kwalipikadong mag-apply para sa 2023-2024 season.

**Impormasyon:**Mangyaring sumangguni sa mga Madalas Itanong (Frequently Asked Questions) na ito o kontakin si Alex Rose, Project Manager ng Artists at the Center, sa (206) 459-6517 oalex.rose@seattle.gov.

<table>
<tr>
<td>Aplikasyon<br>Ang aplikasyon ay ipinapasa ONLINE. Ang aplikasyon ay makukuha sa pamamagitan ng grant portal ng Lungsod ng Seattle sa FLUXX sa https://seattle.fluxx.io/user_sessions/new<br><br>Kung wala kang computer o access sa internet, tawagan ang staff sa lalong madaling panahon.</td>
<td>Pagbubukas<br>Martes, Mayo 16, 2023, 10 ng umaga (Pacific)<br><br>Due Date<br>Martes, Hunyo 27, 2023, 5 ng hapon (Pacific)</td>
</tr>
<tr>
<td colspan="2">Mga Sesyon ng Impormasyon:<br>Makatanggap ng pangkalahatang-ideya tungkol sa programa at kung paano isusumite ang pinakamahusay na aplikasyon.</td>
</tr>
<tr>
<td>Sesyon ng Impormasyon 1 (Hybrid)<br>Huwebes, Hunyo 1, 1- 2 ng hapon.<br>Personal: Seattle Center Armory Seattle Center Armory<br>Virtual: Webex<br>RSVP</td>
<td>Sesyon ng Impormasyon 2 (Hybrid)<br>Sabado, Hunyo 17, 10 - 11 ng umaga.<br>Personal: Seattle Center Armory Seattle Center Armory<br>Virtual: Webex<br>RSVP</td>
</tr>
</table>

**Para sa Tulong, Makipag-ugnayan kay:**

- ***Aplikasyon o Pag-access***: Kontakin siAlex Rose, Project Manager ng Artists at the Center, sa (206) 459-6517 o alex.rose@seattle.gov
- ***Teknikal na Suporta sa Online***: Kontakin siMarshonne Walker, Administrative Specialist, sa marshonne.walker@seattle.gov
- **Kami ay mayroong mga tagapagsalin na maaaring makipag-usap sa inyo sa inyong wika, kabilang ang American Sign Language.** Tawagan lang kami at sabihin sa amin kung anong wika ang ginagamit mo. Asahan ang maikling pause habang naghahanap kami ng isang tagapagsalin na sasali sa tawag.

## ***Layunin ng Grant***

Ang Artists at the Center ay idinisenyo upang suportahan ang aming mga masiglang komunidad ng sining sa pamamagitan ng pagpapakilala sa mga umuusbong at matatag nang mga artista sa isang muling pinasiglang Seattle Center campus, habang pinapalawak ang mga karanasan sa sining at kultura sa Uptown Arts & Cultural District. Sinasalamin ng mga piling artista ang pagkakaiba-iba ng kultura ng lungsod at may natatanging pagkakataon na magtanghal sa Seattle Center, makatanggap ng technical production support, kumonekta sa mga bagong audience, at ipakita ang kanilang mga talento. Ang mga bisita sa campus at sa nakapalibot na kapitbahayan ay nakikinabang mula sa nakakagulat at nakakatuwang mga pop-up na palabas sa buong taon.

## ***Pagiging Karapat-dapat/Mga Kinakailangan***

**Ikaw ay karapat-dapat** na mag-aplay para sa grant na ito kapag naabot mo ang mga sumusunod na pamantayan:

- Isa kang indibidwal na artista, organisasyon, o grupong nakabatay sa komunidad na matatagpuan sa, o regular na nagtatanghal sa, Seattle.
  - Ang mga organisasyon at mga indibidwal na artistang kumakatawan sa mga komunidad na pinakaapektado ng sistematikong pang-aapi kabilang ang mababang kita, mga taong may kapansanan, mga komunidad ng imigrante at refugee, at mga komunidad ng may kulay ay hinihikayat na mag-aplay.
- Ikaw ay may Federal Tax ID number (Social Security Number, ITIN, o Employee Identification Number) at nakabase sa, o may kasalukuyan at aktibong programming sa loob ng, Lungsod ng Seattle.
  - Ang mga grupo na nag-aaplay ay hindi kinakailangang maging 501(c)(3) nonprofit, at hindi rin sila kinakailangang gumamit ng fiscal agent.
- Maaari lang kayong magpasa ng isang aplikasyon bawat taon sa programang ito.
- Ang mga awardee mula sa kasalukuyang season (2022-2023) ay **hindi karapat-dapat**na mag-aplay para sa 2023-2024 season.

**Ang iyongpagtatanghal ay karapat-dapat** na mapondohan ng grant na ito kung matutugunan nito ang mga sumusunod na pamantayan:

- Ang iyong pagtatanghal ay magiging libre at bukas sa publiko.
- Magkakaroon ka ng event insurance para sa pagtatanghal.
- Ang pagtatanghal ay tatagal nang 90 minuto o mas kaunti.

## ***Pagpopondo***

Maaaring gamitin ang pondo ng award para sa mga bayarin sa artista, marketing at promotional fees, pamamahala ng proyekto at mga gastos sa tauhan, mga supply, pagpaparenta ng kagamitan o iba pang mga gastos na nauugnay sa produksyon, kinakailangang insurance, at hindi hihigit sa 10% para sa mga gastos na nauugnay sa pagkain. Maaaring payagan ang mga karagdagang gastos kapag may paunang pag-apruba ng grant project manager.

Maaaring mag-aplay ang mga aplikante sa mga sumusunod na antas ng pagpopondo:

- $2,000 award (karaniwang 1-2 performers), plus $600 in-kind na suporta sa produksyon
- $4,000 award (karaniwang 1-2 performers), plus $ 1,100 in-kind na suporta sa produksyon
- $6,000 award (karaniwang 6+ performers), plus $ 1,600 in-kind na suporta sa produksyon

Ang pondong ito ay hindi maaaring gamitin para sa mga sumusunod:

- Mga event na hindi naa-access at libre sa publiko
- Mga serbisyong panrelihiyon
- Mga event o presentasyon kung saan ang pangangalap ng pondo ang pangunahing layunin
- Mga regalo
- Gastos sa pangangasiwa ng mga organisasyon na hindi direktang kaugnay sa proyekto
- Pagbili ng kagamitan o software

## ***Pamantayan sa Pagtatasa***

Ang mga panukalang isinumite sa programa ay susuriin sa mga sumusunod na pamantayan:

- **Pag-abante ng Career**: Ang aplikasyon ay nagpapakita ng pagkakataon para sa artist/grupo na makinabang mula sa pagkakalantad sa mga bagong audience, suporta sa produksyon, at pagpapakita ng kanilang mga talento sa natatanging setting sa Seattle Center.
- **Achievability**: Inilalarawan ng aplikante ang karanasan o kapasidad para sa pag-unlad (kabilang ang suporta mula sa mga danas na partner o collaborator) upang maisagawa ang pagtatanghal/pag-activate.
- **Artistry**: Ang aplikasyon ay nagmumungkahi ng nakakahimok at tunay na artistiko/kultural na karanasan, na mauunawaan ng iminungkahing audience.
- **Cultural Relevance**: Inuuna ng aplikasyon ang mga likha mula sa Itim, Kayumanggi, Indigenous, Asiano at diaspora, immigrant, refugee, at iba pang hindi naseserbisyuhan at kulang sa serbisyo na komunidad.

## ***Timeline***

Ang timeline na ito ay tantiya lamang at maaaring magbago.

- **Mayo 16, 2023 (10 ng umaga)**: Pagbubukas ng aplikasyon
- **Hunyo 27, 2023 (5 ng hapon):** Pagsasara ng aplikasyon
- **Hulyo - unang bahagi ng Agosto 2023:** Panel review
- **Kalagitnaan ng Agosto 2023:** Mga rekomendasyon para sa pagpopondo na sinuri ng ARTS leadership
- **Katapusan ng Agosto 2023:** Aabisuhan ang mga aplikante tungkol sa mga desisyon sa pagpopondo
- **Setyembre 2023:** Orientasyon at kontrata ng mga aplikante
- **Oktubre 2023 - Setyembre 2024:** Magtatanghal ang Artists at the Center

## ***Balangkas at mga Bahagi ng Aplikasyon***

*Ang Lungsod ng Seattle ay gumagamit ng grant application system na **FLUXX**. Kung hindi pa ninyo nagagawa, kailangan ninyong lumikha ng bagong profile bago ninyo ma-access ang aplikasyon.*

- **Impormasyon sa Pakikipag-ugnayan/Fiscal Sponsor:** Ang seksyon na ito ay nagbibigay ng karagdagang impormasyon sa pakikipag-ugnayang partikular sa aplikasyon na ito subalit hindi pa hiniling sa profile sa pagpaparehistro.
- **Mga Tanong sa Aplikasyon / Impormasyon ng Proyekto:** Ang layunin ng mga tanong na ito ay magbahagi ng impormasyon tungkol sa iyong event/proyekto, komunidad na pinaglilingkuran nito at ilang background tungkol sa iyong sarili.
    1) **Website ng Artist/Organisasyon o Link ng Social Media**
    2) **Disiplina**: Pumili ng isang artistikong disiplina ng iyong iminungkahing proyekto
    3) **Titulo ng Proyekto**
    4) **Buod ng Proyekto**: Sa ilang pangungusap, mangyaring ilarawan ang pop-up na pagtatanghal na gusto mong ipakita sa Seattle Center. Ano ang magiging karanasan ng audience? Isama ang haba ng pagtatanghal, bilang ng artist, genre, bago o muling na-mount na trabaho, mga teknikal na pangangailangan, at anumang bagay na sa tingin mo ay mahalagang tandaan. (Hanggang 500 salita)
    5) **Background**: Maikling ilarawan kung sino ka, ang iyong mga lugar ng kadalubhasaan, mga pangunahing nagawa, at karanasan sa paggawa ng mga pagtatanghal o kaganapan, lalo na sa iyong artistikong disiplina. (Hanggang 250 salita)
    6) **Award Category Preferences**: Ipahiwatig ang iyong una, pangalawa, at huling napiling kategorya, na nagpapakita ng pinakaangkop sa iyong iminungkahing pagtatanghal.
        - Maliit (1-2 performer): $2,000 award, plus hanggang $600 in-kind na suporta sa produksyon
        - Katamtaman (3-5 tagaganap): $4,000 award, plus hanggang $1,100 in-kind na suporta sa produksyon
        - Malaki (6+ tagaganap): $6,000 na award, plus hanggang $1,600 in-kind na suporta sa produksyon

7) **Mga Kagustuhan sa Pag-iiskedyul**: Ipahiwatig ang iyong una, pangalawa, pangatlo, at huling napiling quarter ng taon, na nagpapakita ng iyong kakayahang magtanghal.
    - Oktubre - Disyembre 2023
    - Enero - Marso 2024
    - Abril - Hunyo 2024
    - Hulyo - Setyembre 2024

- **Demograpikong Impormasyon:** Ito **ay hindi susuriin bilang bahagi ng iyong aplikasyon**ngunit sa halip ay ginagamit upang tulungan ang ARTS na makaalam pa tungkol sa mga komunidad na naaabot namin sa pamamagitan ng aming mga programa upang patuloy naming mapagsikapang gawing mas pantay ang aming mga programa. Opsyonal ang mga sagot, ngunit dapat ipasa ng mga aplikante ang questionnaire na mayroon o walang sagot bago sila makapagpatuloy sa natitirang bahagi ng aplikasyon.